

Case Study: (Taglish)

The Disgruntled Factory Worker



“NANGAKO KA SA AKIN NA AKO’Y IYONG ILILIPAT SA PANG-ARAW NA SCHEDULE MULA NG TANGGAPIN KO ANG TRABAHONG ITO.” Iyan ang matigas na reklamo ni Aldo sa kanyang supervisor. Si Aldo ay isang machine operator sa isang pabrika sa Laguna. Ang asawa niya ay isang call center agent na laging naka-assign sa night shift. Ninanais kasi ni Aldo na mailagay sa pang-araw na work schedule para siya naman ay nasa bahay sa gabi para taga-bantay ng kanilang maliliit ng dalawang anak.

Subali’t matatag ang loob ng supervisor na huwag pagbigyan ang hiling ni Aldo. Dito nagsimula ang kanilang matinding sagutan sa harap ng tatlo nilang mga kasamahan: **“GINAWA KO ANG LAHAT PARA PAGBUTIHAN ANG AKING TRABAHO SA NAKARAAN NA WALONG BUWAN,”** ang galit na wika ni Aldo sa kanyang amo. **“NANGAKO KA SA AKIN NA PUWEDE AKONG LUMIPAT NG PANG-ARAW KAPAG AKO AY REGULAR NA.”**

Ang sagot ng supervisor: **“ANG SABI KO SA IYO AY MAY POSIBILIDAD, PERO WALANG NAMAN TAYONG BAKANTE PARA SA PANG-ARAW. ANO ANG GUSTO MO? IKAW BA ANG DAPAT MASUNOD DITO?”**

“ALAM MONG HINDI ‘YAN TOTOO,” ang wika ni Aldo. **E BAKIT KA PA NAG-HIRE NG ISANG BAGUHAN NUONG NAKARAANG BUWAN PARA LAMANG ILAGAY SA PANG-ARAW? HINDI ‘YAN PANTAY NA PAGTINGIN.”**

ANALYSIS: Kung ikaw ang Supervisor ni Aldo, ano ang iyong gagawin?

1. [] “Wala kang karapatan na hingin ang isang bagay na iyan. Depende iyan sa katayuan at pangangailangan ng kumpanya.” (*Being firm and acts like a decisive and dictatorial boss, 9:1*)
2. [] “Walang sinuman ang may karapatan na humingi ng iskedyul na pang-araw. Pero pwede kitang pagbigyan kung kinakailangan ng kumpanya sa susunod na panahon.” (*Firm but conciliatory, 9:9*)
3. [] “Pasensya ka na. Nakalimutan ko ang ating napag-usapan. Gagawan ko ng paraan kahit na mag-overstaff sa mga pang-araw.” (*Accepts fault, gives in at the expense of the company, 1:9*)
4. [] “Walang pakialam ang kumpanya sa sarili mong problema at ng iyong pamilya. Huwag mo kaming abalahin dito. Ayusin mo ang problema mong mag-isa.” (*Indifferent by separating work and family issues, 1:1*)
5. [] BUKOD SA MGA NABANGGIT, ANO ANG MABISA MONG SAGOT? Explain.

NOTE: This is in Taglish version to help many factory supervisors and line leaders who were promoted from the ranks to fully understand the case.

SOURCE: Rey Elbo, Kairos Management Technologies. Copyright 2018. This activity sheet is used in the popular “Superior Supervision” seminar done as an exclusive learning event for organizations. For details, visit reyelbo.consulting or call (02) 846-8951 or 0915-406-3039.